
LEVEL 2

# Leveled Reader
## in Filipino

# Ang Pakikipagsapalaran ni Masky





Isinulat ni Neehal Khatri

Iginuhit ni Ropate Kama



“Sobra-sobra ang naging karanasan ko sa araw na iyon,” sabi ni Masky. Buong araw siyang naglaro sa dalampasigan kasama si Greta at ang makulit nitong aso na si Ruffy. Halos hindi na niya maidilat ang kaniyang mga mata.



Bog! “Ano yan?” sigaw ni Masky.
Nakita niyang naalis ang takip ng basurahan.
Mukhang hindi ito naisara nang maayos ni Greta.
Iniisip niya kung ano ang gagawin ngayon.



Wuuussss! Isang bugso ng hangin ang humila kay Masky.
Pinaikot-ikot siya ng hangin nang pataas nang pataas nang pataas.



Nahulog si Masky sa isang malambot at mainit. Isa itong pugad.
Hmm... baka puwede siyang umidlip dito.
“Umalis ka na,” putak ni Seagull.
“O masasaktan ka sa mga paa ko.” Binuhat nito si Masky gamit ang sariling tuka sabay tapon palabas na pugad.



Sa kabutihang-palad, isang matalinong maskara si Masky.
Pinagdikit niya ang kaniyang dalawang tali para makagawa ng parasyut.
Wiii! Dahan-dahan siyang dumausdos pababa.



Nahulog si Masky sa isang makinis at malamig. Isa pala itong balyena.

Hmm... baka puwede siyang umidlip dito.

“Umalis ka na,” angal ni Balyena.

“O kakainin kita nang buo.”

Bumuga ito ng tubig sa kabuoan ni Masky.



Lumangoy si Masky sa ibabaw ng tubig nang walang patutunguhan. Basang-basa siya at nilalamig. Gusto niya na lamang umidlip.
Iniisip ni Masky kung mahahanap pa ba niya ang daan pauwi.




Biglang nakita ni Masky ang isang lumulutang na sanga. Aha! May naisip siyang magandang ideya. Lumangoy siya papunta sa sanga at ikinawit ang sarili rito.



Saka niya iniikot ang kaniyang katawan upang gumawa ng isang layag. Yehey! Nagmamadali siya ngayong makarating sa dalampasigan.



Naglakad sina Greta at
Ruffy sa dalampasigan
kinaumagahan.
Nakita ni Ruffy si Masky.
Tumakbo ito at dinilaan siya.
Pinulot ni Greta si Masky at
dahan-dahang ibinalik sa
basurahan. Sa pagkakataong
ito, naalala niyang isara
nang maayos ang takip.



“Sa wakas, maaari na akong magkaroon ng tahimik at mahabang oras para makatulog,” sabi ni Masky. Ibinalot niya ang sarili sa kaniyang dalawang tali at namaluktot.

“Marami akong naging pakikipagsapalaran ngayon,” inaantok niyang sabi.



DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation